



Screening na Pangkalusugan para sa COVID-19 sa mga Paaralang TK-12 at mga Programang Ekstrakurikular na Naglilingkod sa mga Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan at Kabataan Ika-5 ng Nobyembre, 2020

Binuo ang dokumentong ito ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda (ACPHD, Alameda County Public Health Department) na nakahanay sa [patnubay](https://www.patnubay.com) na mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health). Ia-update ang dokumentong ito kung may pagbabago sa kaalaman, pagkalat ng COVID-19, at pagkakaroon pagsusuri.

Ang mga paaralan at kanilang mga programa ay **dapat** i-screen ang mga bata at kabataan para sa pagkahantad at mga sintomas ng COVID-19 araw-araw bago sila pahintulutang pumasok sa programa o gusali. Mahalaga ang screening para malimitahan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga estudyante at tauhang nakabase sa paaralan.

Ilalarawan sa dokumentong ito ang:

1. Proseso ng screening, at
2. Mga pamantayang dapat tugunan bago makabalik ang estudyante sa programa ng paaralan pagkatapos maranasan ang mga sintomas ng COVID-19 o ng positibong pagsusuri.

A. Screening na Pangkalusugan: Ano ang Gagawin

Ang screening na pangkalusugan ay may tatlong bahagi:
(1) Pagsiyasat sa Pagkahantad
(2) Pagsiyasat at Pagtingin sa Sintomas
(3) Pagsiyasat sa Temperatura (hindi iniaatas)

Ang sampol ng **Screening na Pangkalusugan para sa COVID-19 sa mga Paaralang TK-12 at mga Programang Ekstrakurikular na Naglilingkod sa mga Batang Nasa Edad ng Pagpasok sa Paaralan at Kabataan** ay kasama sa katapusan ng dokumentong ito.

Maaaring ipasagot ng mga programa sa mga magulang o tagapag-alaga ang mga katanungan sa **Pagkahantad** at **Sintomas** at ipakuha ang **Temperatura** ng estudyante sa bahay. Tandaan na hindi iniaatas ang pag-screen sa temperatura. Mangyaring sumangguni sa **Apendise A** para sa mga Sampol na Katanungan para sa mga Estudyante. Dapat ipadala ang impormasyong ito sa programa bago dumating ang estudyante sa araw ng pagpasok. Ang impormasyong ito ay maaaring isumite sa pamamagitan ng:

- E-mail
- App
- Sa isang online form, or iba pa form ng komunikasyon.



Mangyaring tandaan na dapat pa ring tingnan ng programa ang estudyante kapag dumating ito.

Kung ang sagot sa alinmang katanungan ay OO, siguraduhing tumutugon ang estudyante sa mga iniaatas na pamantayan para bumalik sa programa (tingnan ang seksyon B, pahina 5).

Bago simulan ang screening na pangkalusugan, itanong ang dalawang mahalagang katanungan:

- 1. Sa nakaraang 10 araw, pinauwi bang may sakit ang estudyante o lumiban sa klase dahil sa sakit?**
- 2. Sa nakaraang 10 araw, nasurian ba ang estudyanteng mayroong COVID-19, o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?**

1) PAGSIYASAT SA PAGKAHANTAD NG ESTUDYANTE

Dapat sagutin ng magulang o tagapag-alaga ang mga sumusunod na katanungan:

- 1. Sa loob ng nakaraang 14 na araw, lumapit ba ang estudyante sa sinuman sa **sambahayan** na nasuriang may COVID-19 o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?**
- 2. Sa loob ng nakalipas na 14 na araw, **lumapit** ba ang estudyante sa **isang taong hindi bahagi ng sambahayan** na nasuriang may COVID-19 o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?**

Paglilinanaw para sa Una at Pangalawang Katanungan sa Itaas:

- Sagutan lamang ng "oo" kung ang pagkahantad na ito ay nangyari sa loob ng 10 araw sa simula ng mga sintomas, o sa loob ng 10 araw ng positibong pagsusuri. Ito ang panahon kung kailan maaaring nakakahawa ang taong nagpositibo sa COVID-19 at dapat ibukod ang sarili.
- Ang **paglapit** ay nangangahulugang ang estudyante ay nasa loob ng **6 na talampakan mula sa taong nagpositibo ng 15 minuto o mas matagal pa** (kabilang dito ang maraming mas maiikling sandali sa parehong araw na 15 minuto sa kabuuan) **KAHIT NA** ang parehong estudyante at ang iba pang mga tao ay may suot na mga mask. Ang **paglapit** ay nangangahulugang din na ang estudyante ay nagkaroon ng mas maikli ngunit malaking pagkahantad sa mga lumalabas mula sa respiratoryo ng taong positibo sa COVID-19. Halimbawa, umubo mismo ang taong may sakit sa estudyante.

Kung sumagot ang magulang ng OO sa isa o parehong katanungan, pauwiin ang estudyante.



2) PAGSIYASAT AT PAGTINGIN SA SINTOMAS

Itanong sa magulang o tagapag-alaga ang mga sumusunod:

Simula nang huling pagpasok ng estudyante sa paaralan (o sa nakaraang 10 araw kung hindi pumasok ang estudyante ng mahigit 10 araw), nagkaroon ba ang estudyante ng alinman sa mga sintomas na ito, bago o naiiba sa kung ano ang karaniwang mayroon sila o hindi maipaliwanag ng iba pang dahilan (iyon ay, dati nang umiiral na diagnosis)?

- Lagnat o giniginaw
- Ubo
- Pangangapos ng hininga o kahirapang huminga
- Pagod
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng lalamunan
- Baradong ilong o tumutulong sipon
- Pagkaalibadbad o pagsusuka
- Pagtatae
- Mukhang may sakit o mukhang magsisimula silang magkasakit

Tingnan ang estudyante: Walang partikular na iniaatas sa pagtingin sa estudyante. Pinahihintulutan nito ang programang pauwiin ang estudyante kung mukha silang may sakit kapag sila ay dumating, kahit na sinasabi ng magulang na walang sintomas ang estudyante.

Tingnan ang estudyante kung may mga palatandaan ng:
<input type="radio"/> Sakit gaya ng ubo
<input type="radio"/> Pagod
<input type="radio"/> Labis na pagkasumpungin o pagka-irita
<input type="radio"/> Kahirapang huminga

Kung sumagot ang magulang o tagapag-alaga ng "oo" sa alinman sa mga sintomas sa itaas o mukhang may sakit ang estudyante, pauwiin siya. Kung ang estudyante ay may isa o higit pang mga kapatid sa programa, dapat din silang pauwiin sa bahay.



3) PAGSIYASAT SA TEMPERATURA

Hindi iniaatas ng ACPHD ang pagsiyasat sa temperatura kung kung ninanais ng programang siyasatin ang mga temperatura, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa ibaba.

Kapag sinisiyasat kung may lagnat gamit ang "hindi idinidikit sa balat" na thermometer, ipinapaliwanag ng County ng Alameda ang lagnat bilang temperaturang **100°F (37.8°C) o mas mataas.**

Kung ang iyong programa ay nag-aatas ng pag-screen sa temperatura at hindi siniyasat at iniulat ng magulang ang temperatura ng estudyante bago dumating ang estudyante, dapat kunin ng programa ang temperatura ng estudyante gamit ang "hindi idinidikit sa balat" na thermometer. Dapat magsuot ng mask ang screener at magsuot ng face shield **O** panatilihin nasa likod ng pangharang na plexiglass ang kanilang mukha. Ang mga temperaturang mababa sa 96°F (35.6°C) ay dapat muling siyasatin upang matiyak na tumpak ang lumabas na temperatura.

Kung may lagnat ang estudyante gaya ng ipinapaliwanag sa itaas, pauwiin sila. Kung ang estudyante ay may isa o higit pang mga kapatid sa programa, dapat din silang pauwiin sa bahay.

Para sa mga Thermometer na Idinidikit sa Balat

Kung ang thermometer na nangangailangan ng pagdikit sa balat (hal. sa ilalim ng dila o sa noo) ang natatanging uring mayroon, dapat lamang itong gamitin kapag pinaghihinalaan ang lagnat. Ang mga thermometer na ito ay dapat linisin at mai-disinfect nang tama pagkatapos ng bawat paggamit. Ang screener ay **dapat**:

1. Magsuot ng bagong pares ng maitatapon na latex-free na guwantes para sa bawat pagsiyasat ng temperatura gamit ang thermometer na idinidikit sa balat.
2. Linisin ang kamay bago isuot **AT** pagkatapos hubarin at itapon ang mga guwantes.

Para sa mas detalyadong patnubay hinggil sa ligtas na pagsisiyasat ng mga temperatura, sumangguni sa [Patnubay sa Screening para sa COVID-19 para sa mga Negosyo at Organisasyon](#)



B. Mga Iniaatas para sa Pagbabalik sa Programa ng Paaralan

Para sa mga estudyanteng hindi isinama dahil sa mga sintomas:

Sitwasyon	Iniaatas
<p>1. Kung (1) ang estudyante ay positibo sa pagsusuri sa COVID-19 O (2) ang estudyante ang HINDI sinuri at WALANG medikal na ebalwasyon, maaaring bumalik ang estudyante pagkatapos ng:</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Lumipas ang hindi bababa sa 10 araw simula nang unang lumabas ang mga sintomas, AT • Hindi bababa sa 24 na oras ang lumipas na wala siyang lagnat, nang walang tulong ng pag-inom ng mga gamot upang mapababa ang lagnat, gaya ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil o Motrin), AT • Bumubuti ang iba pang mga sintomas, gaya ng ubo o pangangapos ng hininga. <p>Mangyaring tandaan: Hindi kailangan ang tagubilin mula sa doktor o klinika. Mangyaring tingnan ang Mga Madalas Itanong ng Pagbubukod ng Sarili at Quarantine ng ACPHD at infographic para sa higit pang impormasyon.</p>
<p>2. Kung ang estudyante ay HINDI nasurian ngunit may medikal na ebalwasyon, maaari siyang bumalik bago lumipas ang 10 araw kung:</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Naresolba ang mga sintomas, AT • Ang medikal na tagasuri (doktor, nurse practitioner, o sertipikadong physician assistant) ay nagbigay ng liham na nagsasaad na (1) may ginawang alternatibong dyagnosis at (2) ang mga sintomas ng estudyante ay HINDI dahil sa COVID-19. Para sa mga dahilan ng pagkapribado, hindi pinahihintulutan ang programang iatas ang pagsisiwalat ng alternatibong dyagnosis.



	<p>Mangyaring tandaan: Minsan, ang mga sintomas ng estudyante ay malinaw na dahil sa iba pang sanhi, gaya ng strep throat o hand-foot-and-mouth disease. Sa sitwasyong ito, maaaring pahintulutan ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (provider) ang estudyante na bumalik sa programa ng paaralan. Hindi ito nangangahulugang walang COVID-19 ang estudyante. Maraming bata at kabataang may COVID-19 ang walang anumang sintomas. Ang isang alternatibong diagnosis ay nangangahulugan lamang na ang sanhing bukod sa COVID-19 ang natagpuan para sa mga sintomas na pumigil sa estudyanteng pumasok sa programa.</p>
<p>3. Kung negatibo ang pagsusuri sa COVID-19 ng estudyante, at ang mga magulang o tagapag-alaga ay nagnanais na bumalik sa programa bago lumipas ang 10 araw ng pagbubukod sa sarili, maaaring bumalik ang estudyante kung:</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Mabuti na ang pakiramdam ng estudyante (hindi kinakailangang ganap na maresolba ang mga sintomas), AT • Hindi bababa sa 24 na oras ang lumipas na wala siyang lagnat, nang walang tulong ng pag-inom ng mga gamot upang mapababa ang lagnat, gaya ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil o Motrin), AT • Kumunsulta ang estudyante sa isang medikal na tagasuri (doktor, nurse practitioner, o sertipikadong physician assistant) upang malaman ang kalubhaan ng kanyang mga sintomas. Kakailanganin ng medikal na tagasuri na magbigay ng liham na nagsasaad na (1) ang



	<p>mga sintomas ng estudyante ay HINDI dahil sa COVID-19, AT (2) negatibo ang pagsusuri sa COVID-19 (<u>hindi pinahihintulutan</u> ang programang iatas ang pagsisiwalat ng alternatibong dyagnosis), NGUNIT</p> <ul style="list-style-type: none">• Kung hindi posible para sa magulang o tagapag-alagang kumonsulta sa isang medikal na tagasuri, dapat silang makakuha ng negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 na nagsasaad na nagsagawa ng molekular na pagsusuri o PCR.
<p>4. Para sa mga estudyanteng walang sintomas, na hindi isinama dahil sa pagkahantad sa isang aktwal na positibong kaso ng COVID-19:</p>	<ul style="list-style-type: none">• Kung hindi isinama ang estudyante sa programa dahil sa paglapit sa o pagkahantad ng sambahayan sa taong positibo sa COVID o sa taong may mga sintomas ng COVID, maaaring bumalik ang estudyante ng 14 na araw pagkatapos ng huling paglapit ng sambahayan o paglapit sa taong iyon, habang ipinagpapalagay na walang lumabas na mga sintomas sa estudyante. Kung nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 ang estudyante sa panahon ng quarantine, dapat pagpasuri para sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tingnan ang Mga Madalas Itanong ng Pagbubukod ng Sarili at Quarantine ng ACPHD at infographic.



Ano ang gagawin kapag dapat pauwiin ang isang estudyante

1. Ipaalam sa magulang o tagapag-alaga na hindi maaaring pumasok sa programa ang estudyante sa araw na iyon.
2. Bilinan siyang makipag-ugnay sa kanilang regular na doktor o klinika at isaalang-alang ang pagsusuri sa COVID-19 kung naaangkop.
3. Bigyan ang magulang o tagapag-alaga ng babasahin tungkol sa screening na pangkalusugan para sa COVID-19. Sa babasahin para sa magulang nakalista ang mga pamantayang iniaatas para sa estudyante para makabalik sa programa at may mga tagubilin sa kung paano magpasuri.
4. Ipaalala sa magulang na dapat manatili ang estudyante sa bahay hanggang sa matugunan niya ang mga pamantayan para makabalik sa programa.

Mga Madalas Itanong

Paano kung hindi sigurado ang magulang kung sasagutan ng "Oo" sa katanungan sa sintomas?

Hilingin sa magulang na magpokus sa kung ang sintomas ay **BAGO** at/o **NAIIBA** mula sa karaniwang sakit ng estudyante, o kung **HINDI MAIPALIWANAG** ang mga sintomas. Hikayatin ang magulang na magtiwala sa kanilang intuwisyon. Narito ang halimbawa:

May hika ang estudyante. Madalas silang umubo mula sa ehersisyo o alerhiya.

- Mas malala ba ang ubo ng estudyante kaysa sa karaniwan o mukhang hindi katulad ng karaniwan? **HINDI**, kung gayon ay hindi ito bago o naiibang sintomas.
- Mas malala ba ang ubo ng estudyante kaysa sa karaniwan o mukhang hindi katulad ng karaniwan? **OO**, kung gayon, ang ubong ito **ay** isang bago o naiibang sintomas.

Paano kung sinabi ng magulang na hindi sila **MAKAKUHA** ng pagsusuri para sa estudyante?

Tanungin ang mga pamilya kung sinubukan nila ang mga opsyon sa ibaba:

- Ang mga pamilyang may tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider), o may plano ng seguro (insurance plan) o saklaw ng segurong pangkalusugan (health coverage), ay dapat makipag-ugnay sa kanilang tagapagkaloob o planong pangkalusugan tungkol sa pagsusuri.
- Para sa mga katanungan tungkol sa pagsusuri at upang makita ang listahan ng mga kilalang lokasyon ng pagsusuri para sa COVID-19 sa County ng Alameda, mag-click [dito](#).



Ahensya ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda (Alameda County Health Care Services Agency)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan

www.acphd.org

Colleen Chawla, Direktor

Kimi Watkins-Tartt, Direktor

Nicholas Moss, MD, Opisyal ng Kalusugan

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan: Pangunahing Linya (510) 267-8000

Impormasyon sa COVID-19: (510) 268-2101

Apendise A: Mga Sampol na Katanungan para sa mga Estudyante

Mga Sampol na Katanungan	OO	HINDI
(1) Sa nakaraang 10 araw, pinauwi bang may sakit ang estudyante o lumiban sa klase dahil sa sakit?		
(2) Sa nakaraang 10 araw, nasurian ba ang estudyanteng mayroong COVID-19, o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?		
Kung OO ang sagot sa alinman sa mga katanungan, siguraduhing tumutugon ang estudyante sa mga iniaatas na pamantayan para bumalik sa programa.		
(3) Sa loob ng nakaraang 14 na araw, lumapit ba ang estudyante sa sinuman sa sambahayan na nasuriang may COVID-19 o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?		
(4) Sa loob ng nakalipas na 14 na araw, lumapit ba ang estudyante sa isang taong hindi bahagi ng sambahayan na nasuriang may COVID-19 o kumuha ng pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siyang virus?		
<p><i>KUNG OO sa Katanungan 3 o 4 → HINDI MAAARING pumasok sa programa ang estudyante</i></p> <p><i>KUNG HINDI sa mga Katanungan 3 at 4 → Sagutin ang mga Katanungan sa Ibaba</i></p>		
Mayroon bang alinman sa mga sumusunod ang Estudyante:	OO	HINDI
(5) Lagnat o giniginaw		
(6) Ubo		
(7) Pangangapos ng hininga o kahirapang huminga		
(8) Pagod		
(9) Pananakit ng kalamnan o katawan		
(10) Pananakit ng ulo		
(11) Pagkawala ng panlasa o pang-amoy		
(12) Pananakit ng lalamunan		
(13) Baradong ilong o tumutulong sipon		
(14) Pagkaalibadbad o pagsusuka		
(15) Pagtatae		
(16) Mukhang may sakit o gaya ng pagsama ng kanilang pakiramdam?		
<p><i>KUNG OO sa ALINMAN sa mga katanungan sa itaas → HINDI MAAARING pumasok sa programa ang estudyante</i></p>		



Ahensya ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda (Alameda County Health Care Services Agency)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan

www.acphd.org

Colleen Chawla, Direktor

Kimi Watkins-Tartt, Direktor

Nicholas Moss, MD, Opisyal ng Kalusugan

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan: Pangunahing Linya (510) 267-8000

Impormasyon sa COVID-19: (510) 268-2101

KUNG HINDI sa LAHAT ng katanungan sa itaas → Kunin ang TEMPERATURA ng Estudyante (Kung ang programa ay nag-aatas ng pagsiyasat ng temperatura)

Kunin ang Temperatura ng Estudyante	OO	HINDI
(17) Ang Temperatura ba ng Estudyante ay 100.0°F (37.8°C) o mas mataas pa?		
<i>KUNG OO, ang TEMPERATURA AY 100.0°F o mas mataas pa → HINDI MAAARING pumasok sa programa ang estudyante</i> <i>KUNG HINDI, ang Temperatura ay hindi 100.0°F o mas mataas pa → MAAARING pumasok ang estudyante</i>		